

Ang Mitolohiyang Filipino sa Panahon ng Industriyalisadong Panahon: Posisyon at Pananaw ng mga Piling Paaralan sa Pilipinas

Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research
Vol. 8 No.2, 86-91
May 2020 Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
ASEAN Citation Index

Jeda Katrina Marie V. Abenina¹, Raphaell Jules Vernonn C. Agoba²,
Richelle Rose R. Alcaide³, Bea Patricia dR. Llose⁴, Jophiel Mayumi P.
Lucero⁵, at Bernadette Fae L. Taroc⁶, Arjohn V. Gime⁷,
Manila Science High School, City of Manila, Philippines
*jedamarieabenina@gmail.com¹, julesagoba@gmail.com²,
richelle.rose.alcaide@gmail.com³, beapatricia.llose@gmail.com⁴,
jophiellucero@gmail.com⁵, bernadettefae.taroc@gmail.com⁶
arjohngime@gmail.com⁷*

Date Received: August 29, 2019; Date Revised: April 27, 2020

Abstract - *Mythology is an essential part of Philippine Literature that depicts the significant human experiences, belief systems, and the vast cultures of the Filipinos. This study focuses on the deep understanding and perspective of the teachers and students about Philippine Mythology in the modern world in the selected schools in the Philippines. It also aims to see the relevance of understanding the Philippine Methodology as integrated in the current K-12 program of Basic Education Curriculum. It was revealed in the study that the participants have high regard toward Western Literature, but they found out that the current situation of the currently directed on the westernized perspective they are open for paradigm shift towards the depth understanding of Philippine culture and systematically integrated in the new curriculum.*

Keywords –*Philippine Literature, myths, Philippine Mythology, respondents, K-12 Curriculum*

Abstrakt - *Ang mitolohiyang ay isang panitikan na nilalaman tungkol sa pinagmulan ng mga bagay at mga kababalaghan, mga karanasan ng mga Filipino. Sa pag-aaral na ito, nilalayon nitong matuklasan ang posisyon at pananaw sa mitolohiyang Filipino ng mga kabataan at guro sa piling paaralan at alamin ang kalagayan ng panitikan ng bansa at sa kasalukuyang kurikulum ng Pilipinas.*

Susing Salita –*Mitolohiya, Mitolohiyang Filipino, Panitikang Filipino, K-12 Kurikulum*

INTRODUCTION

Ang mitolohiyang Filipino ay kinabibilangan ng mga salaysay at akda tungkol sa mga nilalang at nilikha ng mga Filipino. Sumasalamin ito sa mga pinaniniwalaan ng mga Filipino bago pa man dumating ang mga Espanyol na ipinakilala ang Kristiyanismo. Isinasaad ni Scott (1994) na ang mga sinaunang Filipino ay sumamba sa kalikasan at sa iba't-ibang mga Diyos-disyosan na binubuo ito ng mga hayop, mga mahiwagang nilalang, at mga Diwata dahil ito ang gumagabay sa kanila sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga mga paniniwalang ito ay unti-unting naglalaho pagdating ng taong 1565 dahil sa kolonisasyon ng Espanya sa Pilipinas. Nagdulot ito ng agresibong kampanya laban sa mga katutubong paniniwala, resulta ng diskriminasyon sa mga hindi Kristiyanano. Binawian ng karapatang maniwala at

sumamba ang mga Filipino sa kanilang sinaunang mga Diyos. Binansagan ang mga paniniwalang ito noon bilang mga mitolohiya lamang, hindi tunay na diyos at may likha na dapat sinasambahan.

Ang mga kuwento at paniniwala ng mga sinaunang Filipino ay mahalaga bilang panitikang kailangang mapangalagaan at maingat. Kaakibat ng mga mitolohiya sa bansa ang yaman ng kultura sa mga mamamayan nito. Mahalaga ito sa isang lipunan para maisabuhay lahat ng mga nakagawiang nagbubuklod at gumagabay sa mga Filipino na nagpapakita ng sariling pagkakakilanlan. Dahil sa kultura, mas nakikilala tayo kung sino at ano tayo bilang may bansang pinagmulan at kinagisanan.

Ang pag-aaral na ito isang kwalitatibong pag-aaral na naglalayong sagutin ang posisyon ng mga kabataang Filipino sa mitolohiyang Filipino sa

modernong panahon, kasama na rin ang mga salik na bumuo ng kanilang mga kaalaman, interes at opinyon tungkol sa isa sa mga kinagisnang kultura ng bansang Pilipinas, mula sa perspektibo ng kabataan pati na rin ng mga guro sa larangang humanidades at literatura.

Mahalaga ang pag-aaral dahil magbibigay ito ng pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa mitolohiyang Filipino at kung paano mapapalalim ang usapin ng panitikan sa bansa na pumapantay sa pangangailangan ng kurikulum na K-12 sa pagtalakay ng mga lokal na panitikan sa bansa.

PAMAMARAAN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na ginagamitan ng disenyong naratibo. Ayon kay Abram (2014), ang kwalitatibong pag-aaral ay isang prosesong makatamo ng mas malalim na pag-unawa sa isang pangyayari. Ginamit ang disenyong naratibo sa pag-aaral upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga perspektibo at pananaw mula sa mga mag-aaral at guro tungkol sa mitolohiyang Filipino partikular sa iba't ibang paaralan tulad ng De La Salle University, University of Santo Tomas, at Manila Science High School.

Ginamit ang purposive sampling sa ayon sa kwalipikasyong itinalaga kaugnay ng pag-aaral at sa pananaw ni Creswell (2015) sa ideyal na ay lima hanggang dalawampu't lima depende sa *saturation point* o ang punto sa isang pag-aaral kung saan paulit-ulit na lamang ang impormasyong nakakalap at wala nang bagong nadaragdag.

Para sa mga kalahok na mag-aaral, dapat ay nagsipagtapos ang mga ito ng elementarya at sekundarya sa Metro Manila at kasalukuyang nag-aaral dito. Para naman sa mga kalahok sa guro, dapat ay nagsipagtapos ang mga ito ng kursong may kinalaman sa pagtuturo ng mga asignaturang may kaugnayan sa humanidades o panitikan at kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang may kaugnayan sa paksa sa panitikang Filipino.

Etikal na binigyang konsiderasyon sa pag-aaral ang paghingi ng pahintulot para sa pagpapanatili ng kanilang seguridad sa pag-aaral gayundin ang pagnanais na maging kalahok ng pananaliksik.

Sa metodolohiya ng pag-aaral, nagtalaga ng mga kwalipikasyon ang mga mananaliksik sa pagpili ng mga kalahok. Matapos maitalaga ang mga kwalipikasyon, nagsimula ang paghahanap ng mga kalahok na pasok sa pamantayan. Napili na maging kalahok ay mula sa De La Salle University, University of Santo Tomas, at Manila Science High School.

Isinagawa ang pagkalap ng impormasyon mula sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasarbeysamantalang personal na panayam naman sa mga guro.

Ang mga impormasyong nakalap mula sa mga idinaos na panayam ay isinailalim sa *Colaizzi Method* isang pamamaraan ng pag-aanalisa ng impormasyon na binubuo ng sistematikong mga hakbang. Ayon kina King at Morrow (2015), ang *Colaizzi Method* ay binubuo ng pitong mga hakbang. Una ay ang pagiging pamilyar sa impormasyon, ikalawa ay ang pagtukoy sa impormasyong may direktang kaugnayan sa pangyayaring pinag-aaralan, ikatlo ay ang pagtukoy ng kahulugan ng mga impormasyong may direktang kaugnayan sa pangyayaring pinag-aaralan, ikaapat ang pagsasama-sama ng mga magkakaugnay na kahulugan, ikalima ay ang pagbibigay ng kategorya sa mga napagsama-samang kahulugan, ikaanim ay ang pagbuo ng mga tema o sintesis mula sa mga napagsama-samang kahulugan, at sa huli ay ang pagkakaroon ng patunay sa nabuong mga tema.

RESULTA AT DISKUSYON

Sa pag-aaral na ito, binibigyang-sagot ang pangunahing tanong na, Ano ang kalagayan ng mitolohiyang Filipino sa mga kabataan sa modernong panahon? Ang tanong na ito ang naging padron sa presentasyon ng isinagawang pag-aaral tungkol sa posisyon sa Mitolohiyang Filipino.

Nakabuo ng limang (5) temang sa pag-aaral na sumasagot sa tanong, "Ano ang kasalukuyang estado ng mitolohiyang Filipino sa kabataan sa modernong panahon?" Ang mga ito ay pinamagatang "Ang Alamat ng Pagkatuto", "Antas ng Karunungan", "Zeus Maryosep", "Balakid ni Bathala", at "Gising Pa Si Bathala". Ang mga tugon ng mga kinapanayam na guro sa ay naging lunsaran bilang suporta sa mga tugon ng mga sagot sa panayam ng mga mag-aaral.

Ang Alamat ng Pagkatuto

Ang temang ito ay tumatalakay sa kung saan at paano nakilala ng mga kinapanayam na mag-aaral ang Mitolohiyang Filipino. Ilan sa kanila ay nakilala ito sa mga kuwento at literaturang natagpuan sa bahay. Mayroon ding nakilala ito sa internet, lalo pa't mayilang nagpapalaganap nito sa social media. Ang iba naman ay sa paaralan, at ang iba ay sa komunidad. Gaya ng sinabi ng mga tumugon, P(A1), P(A5), P(B1), P(C3), P(C5) "[Nakilala ko ang MP] sa paaralan", P(A4) "Nakilala ko [ang MP] dahil sa mga kuwento. Kuwento mula sa mga libro sa bahay [...]", at P(C1) "Nakilala ko ang mitolohiyang Filipino sa

Talahanayan 1. Pagbibigay-kahulugan sa Kasalukuyang Estado ng Mitolohiyang Filipino sa Kabataan sa Modernong Panahon

	Tema	Mga Dahilan	Paliwanag
Ano ang kasalukuyang estado ng mitolohiyang Filipino sa kabataan sa modernong panahon?	Alamat ng Pagkatuto	Nakilala ng mga kinapanayam ang Mitolohiyang Filipino sa Paaralan	P(A1), P(A5), P(B1), P(C3), P(C5) "[Nakilala ko ang MP] sa paaralan."
		Nakilala ng mga kinapanayam ang Mitolohiyang Filipino sa Bahay	P(A4) "Nakilala ko [ang MP] dahil sa mga kuwento. Kuwento mula sa mga libro sa bahay [...]" P(C4) "[Nakilala ko ang MP sa] comics sa bahay ng lola ko."
		Nakilala ng mga kinapanayam ang Mitolohiyang Filipino sa Internet	P(C1) "Nakilala ko ang mitolohiyang Filipino sa pamamagitan ng social media [...] at ng mga posts sa social media."
			P(B2) "[...] mas marami akong nabasa sa internet."
		Nakilala ng mga kinapanayam ang Mitolohiyang Filipino sa komunidad	P(C3) "[Ang MP] ay nakilala ko [...] sa komunidad."
	Antas ng Karunungan	Hindi gaanong kilala ang Mitolohiyang Filipino	P(A2) "Sa aking palagay ay hindi sapat ang aking nalalaman sa mitolohiyang Pilipino."
			P(C1) Aminado akong hindi ko gaanong kilala ang mitolohiyang Filipino [...] Kung 5 ang ibibigay sa pinakakilala, sa tingin ko ay nasa 2 o 3 lamang ako."
			P(C3) "Sa aking palagay ay hindi ko kilala sa sapat na lebel ang mitolohiyang Filipino."
		May katamtamang kaalaman tungkol sa Mitolohiyang Filipino	P(A4) "Average lamang [ang aking pagkakakilala sa MP]."
	P(A5) "Sapat lamang [ang aking alam tungkol sa MP]."		
	P(B1) "Sa scale mula 1 hanggang 10, 7 lamang [ang aking pagkakakilala sa MP]."		
	Zeus Maryosep	Mayaman ang Mitolohiyang Filipino ngunit napapansin nilang mas kilala ang Mitolohiyang Dayuhan	P(C2) " [...] mas kilala pa ang Greek & Roman Mythology dahil na rin sa dami ng mga obra ng sining na nakasentro sa kanila, at mas natatangkilik pa ito. [...]"
P(B2) "[...] mas nakikilala na ng mga kabataan ang mga mitolohiyang Griyego at Romano [kaysa] sa [mitolohiyang] Filipino."			
Hindi sapat ang pagkakakilanlan ng mga Filipino sa Mitolohiyang Filipino		P(A2) "[...] ngunit mas binabalewala [ang MP] dahil sa kulang na pagpapakilala rito."	
		P(B3) "Sana ay mas palawigin pa ang pagtuturo o pagtatalakay [ng MP] sa mga paaralan upang hindi mamatay nang tuluyan ang mga ganitong bagay. May mga katanungin pa rin ako na nais ko sanang masagot."	

		Nakaukit ang Mitolohiyang Filipino sa kultura at kasaysayan ng pagiging Filipino	P(C2) "[...] Gayumpaman, naniniwala akong ang pagkilala sa bawat aspeto ng ating kultura, kasama na ang mga sinaunang paniniwala, ay pagyakap na rin sa ating pagkakakilanlan."
			P(A5) "Dapat ay bigyan [ang MP ng] importansya sapagkat susi ito sa pagkakaintindi ng ating kasaysayan."
Balakid ni Bathala	Hindi nabigyang pansin ang Mitolohiyang Filipino sa pagtuturo sa paaralan	Kulang ang pagtatalakay na isinasagawa ng mga guro tungkol sa Mitolohiyang Filipino	P(A2) "Sa pagkakataong mailagay ang mitolohiyang Filipino sa kurikulum, mas lalaki ang pagkausisa ng mga magaaral dito at magagawa nitong pantayan ang kaalaman sa Griyego at Romanong mitolohiya."
			P(B2) "oo, kung interesado lang ako ngayon mas magiging interesado ako kung maging parte ito ng pagtuturo sa baitang ng high school dahil mas makakaintindi ako sa malalimang konteksto kaysa pa noong ako'y bata pa."
	Kulang ang pagtatalakay na isinasagawa ng mga guro tungkol sa Mitolohiyang Filipino	P(A5) "Madalas ay mga maiikling kuwento lang [ang tinalakay] ngunit hindi kasing lawak ng pagsusuri tulad ng sa mitolohiyang Romano at Griyego."	
		P(C1) "Hindi masyadong nakapokus ang aming mga diskusyon sa paksang [MP]. Madalas na ito'y nadaraan lamang o ginagawang halimbawa."	
Gising si Bathala	Nakakatuwang tuklasin ang Mitolohiyang Filipino	Bahagi ang Mitolohiyang Filipino ng ating kultura't kasaysayan	P(B3) "Nais ko pa [ang MP ay] mas makilala dahil sinasalamin nito ang ating kultura at nakaka-engganyo rin malaman."
	Bahagi ang Mitolohiyang Filipino ng ating kultura't kasaysayan		P(C2) "Nais ko [ang MP ay] makilala, para na rin mas maunawaan pa ang lipunan na ating sinundan, kung paano nagmula ang kanilang mga tradisyong nakabatay sa mitolohiya nila."
			P(C5) "Bahagi ito ng ating kultura kaya't nararapat na ito'y pag-aralan."
	Nakatutulong ang pagtatalakay ng Mitolohiyang Filipino sa pagiging malikhain	P(C1) "Sa tingin ko, napakahalaga ng pagkilala sa mitolohiyang Filipino. Maaaring isipin ng iba na wala naman itong maitutulong sa lipunan, ngunit para sa akin ay makabuluhan ito at makatutulong sa imahinasyon at pagkamalikhain ng mga Filipino. [...]"	

pamamagitan ng social media [...] at ng mga posts sa social media."

Makikita na laman ang mitolohiyang Filipino sa maraming bahagi ng ating lipunan at sa nagbabagong panahon ay may mga nakakakilala rito sa pamamagitan ng teknolohiya, partikular na ang internet. Ang mga tugon ng mga kinapanayam na mag-aaral ay sinusuportahan ng tugon ng mga kinapanayam na guro. Sinabi ni Guro B: "*Lahat* [ng impormasyon ay mas madaling makuha]. *Nandiyang ang internet* [para sa mga bidyo, artikulo, at lathalain]

at mga online library." (personal na panayam, Set. 3, 2019).

Antas ng Karunungan

Ang temang ito ay tumatalakay sa kasalukuyang antas ng karunungan ng mga napanayamtungkol sa Mitolohiyang Filipino. Batay sa kanilang mga tugon, hindi gaanong malawak ang kanilang kaalaman o hindi sapat ang kanilang nalalaman tungkol dito. Ilan sa mga naging tugong may kaugnayan sa temang ito ay ang mga sumusunod: P(A2) "Sa aking palagay ay

hindi sapat ang aking nalalaman sa mitolohiyang Pilipino.", P(C1) "Aminado akong hindi ko gaanong kilala ang mitolohiyang Filipino [...] Kung 5 ang ibibigay sa pinakakilala, sa tingin ko ay nasa 2 o 3 lamang ako.", P(C3) "Sa aking palagay ay hindi ko kilala sa sapat na lebel ang mitolohiyang Filipino." Mula sa nabanggit, masasabing ang kaalaman ng mga kinapanayam tungkol sa mitolohiyang Filipino ay hindi gaanong malawak. Sila mismo ay nakararamdam na ang kaalamang kanilang taglay ay hindi sapat. Ang mga tugong ito ay sinusupportahan ng tugon ng gurong kinapanayam. Sinabi ni Guro B: "*Ang dami kasing [mitolohiya] ng Philippines....sa Mindanao pa lang sobrang dami na...pero ako mismo hindi ko siya gamay.*" (personal na panayam, Set. 6, 2019).

Zeus Maryosep

Ang temang ito ay tumatalakay sa opinyon at pananaw ng mga kinapanayam tungkol sa mitolohiyang Filipino. Ayon sa kalahok, mayaman ito ngunit mas kilala ng mga kabataan ang mitolohiya ng dayuhan partikular na ang Griyego at Romano. Dagdag pa rito, sa kanilang palagay ay hindi ito nabibigyan ng pagkilalang nararapat dito. Narito ang ilan sa mga tugon: P(C2) " [...] mas kilala pa ang Greek & Roman Mythology dahil na rin sa dami ng mga obra ng sining na nakasentro sa kanila, at mas natatangkilik pa ito. [...]", P(A2) "[...] ngunit mas binabalewala [ang MP] dahil sa kulang na pagpapakilala rito.", at "P(A5) "Dapat ay bigyan [ang MP ng] importansya sapagkat susi ito sa pagkakaintindi ng ating kasaysayan." Batay sa mga tugon, makikitang mas tinatangkilik ang mitolohiyang dayuhan kumpara sa sariling atin. Makikita rin sa mga tugon na sa palagay ng mga kinapanayam ay hindi nabibigyan ng sapat na pagkilala o importansya ang Mitolohiyang Filipino. Ang mga tugon ng mga kinapanayam na mag-aaral ay sinusupportahan ng tugon ng mga kinapanayam na guro. Sinabi ni Guro B: "*Kaya siguro maraming bata ngayon yung, di naman sa jinujudge ko ha, pero parang walang sense of nationalism...kasi mas westernized na ngayon yung mga [tinatangkilik] ng mga bata.*" (personal na panayam, Set. 6, 2019).

Balakid ni Bathala

Tinatalakay ng temang ito ang isang balakid tungo sa pagkilala ng mga kabataan sa mitolohiyang Filipino. Ayon sa mga kinapanayam, mas lalalim ang kanilang pagkakakilala sa mitolohiyang Filipino kung

mas malawak at malalim ang pagtalakay nito sa paaralan gaya ng pagtalakay sa mitolohiyang Griyego at Romano. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga tugon: P(A2) "Sa pagkakataong mailagay ang mitolohiyang Filipino sa kurikulum, mas lalaki ang pagkausisa ng mga mag-aaral dito at magagawa nitong pantayan ang kaalaman sa Griyego at Romanong mitolohiya." at P(C3) "Sa aking palagay ay mas magiging interesado pa ako sa mitolohiya kung ito ay ituturo sa kurikulum" Batay sa mga tugon, makikitang malalim ang interes ng mga kabataan sa mitolohiyang Filipino subalit mababaw ang pagtalakay nito sa paaralan na nagiging balakid upang mas makilala pa nila ang mitolohiyang Filipino. Ang mga tugon ng mga kinapanayam na mag-aaral ay sinusupportahan ng tugon ng mga kinapanayam na guro. Sinabi ni Guro B: "*If students were to learn more about sa mga bagay na ganito (mitolohiya), mas maaappreciate nila yung kultura natin.*" (personal na panayam, Set. 6, 2019).

Gising si Bathala

Ang temang ito ay tumatalakay sa mga pananaw ng kabataan sa Mitolohiyang Filipino at pagnanais nilang mas kilalanin pa ang Mitolohiyang Filipino sapagkat ayon sa kanila ay bahagi ito ng ating kultura at pagkakakilanlan. Narito ang ilan sa mga tugon: P(B3) "Nais ko pa [ang MP ay] mas makilala dahil sinasalamon nito ang ating kultura at nakaka-engganyo rin malaman.", P(C5) "Bahagi ito ng ating kultura kaya't nararapat na ito'y pag-aralan.", at "P(C2) "Nais ko [ang MP ay] makilala, para na rin mas maunawaan pa ang lipunan na ating sinundan, kung paano nagmula ang kanilang mga tradisyong nakabataysa mitolohiya nila.". Nasasalamon sa mga tugong ito na nakikita ng mga kabataan ang mitolohiyang Filipino bilang mayaman at mahalagaat nagnanais sila na mas makilala pa ito. Ang mga tugon ng mga kinapanayam na mag-aaral ay sinusupportahan ng tugon ng mga kinapanayam na guro. Sinabi ni Guro C: "*Sasalamon ito (mitolohiya) sa kultura, pagpapahalaga, at sa behavior ng mga Filipino. Magagamit siya sa development at improvement ng society.*" (personal na panayam, Set. 12, 2019). Dagdag pa rito ang sinabi ni Guro A: "*Hindi lamang dahil sa impluwensya ng ibang lahi kaya tayo nagkaroon ng mga kuwento. Bago pa man tayo sakupin, mayroon nang sariling mga kuwento at paniniwala o mitolohiya ang ating mga ninuno.*" (personal na panayam, Set. 3, 2019).

KONGKLUSYON

Makikita sa isinagawang pag-aaral na positibo ang mga kalahok na nakukuha ang impormasyon tungkol sa mitolohiyang Filipino bunsod ng teknolohiya subalit ang kaalaman pa rin ng kalahok ay hindi sapat dahil sa mas mabigat na tinatalakay sa mga silid-aralan ang panitikang dayuhan, gayundin ang oryentasyon ng kaisipan sa dayuhan panitikan. Ipinakita rin ng pag-aaral na panitikan sa kasalukuyan sa kurikulum ng K-12 ay hindi nabibigyang-tuon o napalalalim ang mga konsepto tungkol sa mitolohiya para suportahan ang lokalisasyon sa bansa. Sa kabila rin ng kakulangan ng kaalaman at oryentasyong makadayuhan ng mga kalahok, bukas pa rin ang mga kalahok sa pagkilala ng mga kaalaman na maaaring mangyari kung magsasagawa ng pagrerebyu sa programang kurikulum na tumatalakay sa sariling pagkakakilanlang panitikan at malalimang integrasyon sa mga paksang pangklase. Iminumungkahi na magkaroon ng mas malalimang pagtalakay at pag-uugnay sa buhay ng mga kabataang Filipino ng mga lokal na panitikan at maisadiwa ang kulturang Filipino na lunsaran ang mitolohiyang Filipino.

MGA SANGGUNIAN

- [1] Abram D. (2013). What is Qualitative Research? Hango sa <https://nursing.utah.edu/research/qualitative-research/what-is-qualitative-research.php>
- [2] Breheny, M., & Stephens, C. (2015). Approaches to narrative analysis: Using personal, dialogical and social stories to promote peace. In D. Bretherton & S. F. Law (Eds.), *Peace psychology book series: Vol. 26. Methodologies in peace psychology: Peace research by peaceful means* (pp. 275-291). Cham, Switzerland: Springer International Publishing.
- [3] Creswell, J. (2015). *Educational Research: Planning, Conducting, and Evaluating Quantitative and Qualitative Research*. New York: Pearson.
- [4] Morrow, R., Rodriguez, A. and King, N. (2015). Colaizzi's descriptive phenomenological method. *The Psychologist*, 28(8), 643-644
- [5] Scott, W. (1994). *Barangay Sixteenth Century Philippine Culture And Society*. Hinango mula <https://archive.org/details/BarangaySixteenthCenturyPhilippineCultureAndSociety>

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).